

**PAANO MAKOKONTAK ANG CCS UPANG GAMITIN
ANG INYONG MGA KARAPATAN**

Kung nais ninyong gamitin ang alinman sa mga karapatan sa kalihiman na ipinaliliwanag sa Patalastas na ito, mangyaring tawagan ang programa ng CCS sa county kung saan kayo naninirahan. Ang mga numero ng telepono ng mga programa ng CCS sa county ay nakalista sa inilalip na papel.

PAANO MAGSAMPANG NG SUMBONG

Kung sa paniwala ninyo linabag ang inyong mga karapatan sa kalihiman o ang mga karapatan sa kalihiman ng inyong bata, at nais ninyong magsumbong, maaari kayong magsampa ng sumbong sa pamamagitan ng pagtawag o pagsulat sa:

Privacy Officer
Department of Health Care Services
P.O. Box 997413
MS 0010
Sacramento, CA 95899-7413
(916) 445-4646
o (877) 735-2929 TTY/TDD

o sa

Secretary of the U.S. Department of Health
and Human Services
Office for Civil Rights
Attention: Regional Manager
50 United Nations Plaza, Room 322
San Francisco, CA 94102

Para sa karagdagang impormasyon,
tumawag sa:
(800) 368-1019
o sa
U.S. Office for Civil Rights sa
(866) OCR-PRIV (866-627-7748)
o (866) 788-4989 TTY

WALANG PAGHIHIGANTI

Hindi maaaring tanggalin ng CCS ang mga benepisyo sa pangangalagang pangkalusugan ng inyong bata o gumawa ng kahit ano upang saktan kayo sa anumang paraan kapag nagdesisyon kayong magsampa ng sumbong o gamitin ang alinman sa mga karapatan sa kalihiman na binabanggit sa Patalastas na ito.

PETSA NG PAGKAKABISA

Ang Patalastas Tungkol sa Mga Patakaran sa Kalihiman na ito ay magkakabisa sa Abril 14, 2003.

MGA PAGBABAGO SA PATALASTAS

Kailangang sundin ng CCS ang mga tuntunin ng Patalastas na ito. Gayon pa man, ang CCS ay may karapatang gumawa ng mga pagbabago sa mga patakaran nito sa kalihiman. Kung gagawa nga ang CCS na ganitong mga pagbabago, ang Patalastas Tungkol sa Mga Patakaran sa Kalihiman na ito ay isusulat na muli at kayo ay bibigyan ng panibagong Patalastas kung kayo ay nasa programa ng CCS.

MGA TANONG

Kung kayo ay may anumang tanong tungkol sa Patalastas na ito at nais ninyo ng karagdagang impormasyon, mangyaring kontak in ang Privacy Officer, sa address at numero ng telepono na nakalista sa Patalastas na ito.

Upang makakuha ng kopya nitong Patalastas sa ibang wika, sa Braille, na limbag sa malalaking letra, sa audiocassette o sa computer disk, mangyaring tumawag o sumulat sa Privacy Officer sa numero o address na nakalista sa Patalastas na ito.

◀◀◀ MAHALAGA ▶▶▶

**ANG CCS AY WALANG
KOMPLETONG KOPYA NG MGA
MEDIKAL NA REKORD NG MGA
BATA. KUNG NAIS NINYONG
MAKITA, KUMUHA NG KOPYA, O
BAGUHIN ANG MEDIKAL NA
REKORD NG ISANG BATA,
MANGYARING KONTAKIN ANG
DOKTOR O ANG KLINIKANG
PINUPUNTAHAN NG BATA. KUNG
ANG BATA AY KANIB SA ISANG
MANAGED CARE PLAN, ANG
PLAN NA IYON AY MAAARING
MAY IMPORMASYON TUNGKOL
SA MGA BINAYARANG SINGIL.
KONTAKIN ANG MANAGED CARE
PLAN UPANG MAKITA O
MAKAKUHA NG MGA KOPYA NG
MGA SINGIL NA ITO.**

Department of
Health Care Services



**PABATID MULA SA
PROGRAMA NG
LINGKURANG PAMBATA
NG CALIFORNIA (THE
CALIFORNIA
CHILDREN'S SERVICES
[CCS])**

**PATALASTAS
TUNGKOL SA
MGA PATAKARAN
SA KALIHIMAN**

Ang Patalastas na ito ay nagpapaliwanag kung paano maaaring magamit at maibunyag sa iba ang mga impormasyong medikal tungkol sa inyo at kung paano ninyo makukuha ang impormasyong ito.

**MANGYARING BASAHIN ITO
NANG MABUTI.**

Kailangang panatilihin lihim ng programa ng CCS ang impormasyong nasa amin tungkol sa mga batang pinaglilingkuran namin. Kasali dito ang impormasyong tungkol sa pagiging karapat-dapat para sa CCS at ang mga personal na medikal na impormasyon. Kailangang ibigay ng CCS sa inyo ang patalastas na ito at ipaalam sa inyo kung paano maaaring magamit at maibunyag ang impormasyon tungkol sa mga batang pinaglilingkuran namin.

Paano Maaaring Magamit at Maibunyag ng CCS ang Impormasyon

Ang pangalan ng bata, ang address, ang mga personal na impormasyon tungkol sa bata, ang kasaysayan ng kalusugan, ang mga iksaminasyong medikal, at ang mga serbisyong medikal na ipinagkaloob sa mga batang pinaglilingkuran ng CCS ay gagamitin at ibubunyag para lamang sa dahilang nauugnay sa pamamahala ng programa ng CCS. Kasali sa ganitong mga dahilan:

- Ang pagdesisyon tungkol sa pagiging karapat-dapat para sa mga benepisyo ng CCS.
- Ang pagdesisyon tungkol sa mga halagang kailangan ninyong mabayaran upang makatanggap ng mga benepisyo ng CCS.
- Ang pagtiyak sa pagiging karapat-dapat ng bata para sa Medi-Cal o sa Healthy Families at kung kayo ay may pribadong health insurance plan.
- **Para sa paggagamot:** Pag-aaproba ng mga serbisyo para sa iksaminasyon, paggagamot at therapy ng bata. Maaaring kailanganing magbigay ng paunang pahintulot ang CCS para sa mga serbisyong pangkalusugan. Upang makabigay ng pahintulot, ang CCS ay maaaring tumanggap ng impormasyon mula sa ibang taong nag-aalaga sa bata at maaaring ibunyag ito sa ibang taong nag-aalaga sa bata upang makatiyak na matanggap ng mga bata ang pangangalangang kailangan nila.
- **Para sa pagbabayad:** Tinatanggap, sinusuri, inaaprobahan, pinoproces at binabayaran ng CCS at ng ibang may-kaugnayan sa amin ang mga singil para sa mga pangangalangang pangkalusugang mula sa mga doktor o sa iba pang tagabigay ng pangangalangang

pangkalusugang. Maaaring ibunyag ng CCS ang impormasyong pangkalusugan sa mga doktor na ito at sa iba pang mga tagabigay ng serbisyo, na naniningil sa CCS. Maaaring ipadala ng CCS ang ilang singil na natatanggap nito sa ibang health plan o group, na maaaring kailanganing magbayad sa mga serbisyong ipinagkaloob sa bata.

- **Para sa pamamahala ng pangangalangang pangkalusugan:** Maaaring gamitin ng CCS ang mga impormasyon tungkol sa kalusugan ng mga bata at mga pangangalangang pangkalusugan upang matiyak na makakakuha sila ng mataas na uri na serbisyong pangkalusugan. Maaari ring gamitin ng CCS ang impormasyong ito sa mga odit o imbestigasyon ng pandaraya ng mga doktor o ng iba pang tagabigay ng pangangalangang pangkalusugan at para sa pagpapalano at pamamahala ng programa ng CCS.

IBA PANG PAGGAMIT SA IMPORMASYONG PANGKALUSUGAN NG MGA BATA

Maaari ring gamitin o ibunyag ng CCS ang impormasyon tungkol sa pagiging karapat-dapat para sa CCS at ang personal na medikal na information ng bata para sa mga dahilan tulad ng:

- Pagtawag o pagsulat sa inyo tungkol sa mga benepisyo ng CCS para sa inyong bata.
- Sa mga tao sa pamilya ng bata upang tumulong sa paggagamot o sa pagbabayad sa mga serbisyo.
- Para sa mga dahilang legal, tulad ng pagtupad sa kautusan ng hukuman.
- Para sa mga pasaliksik na pagsusuring nasasapatan ang lahat ng mga iniuutos sa mga batas ng kalihiman, tulad ng pagsasaliksik tungkol sa pag-iingat sa sakit.
- Upang magtipon ng impormasyong hindi na maiuugnay pang muli sa bata, tulad ng isang listahan ng kung gaanong kadalas nangyayari ang iba't ibang problemang medikal ng CCS sa lahat ng mga batang saklaw ng CCS.

Maaaring magbunyag ang CCS ng impormasyong pangkalusugan sa mga organisasyong tumutulong sa amin sa pamamahala ng aming programa, tulad ng mga kompanyang nagbabayad sa mga singil sa CCS. Kung gagawin ito ng CCS, titiyakin nito na poprotektahan ng mga organisasyong ito ang kalihiman ng impormasyong ibubunyag namin sa kanila.

Ang ilang batas ng estado ay nagtatakda sa pagbubunyag ng impormasyong nakalista sa itaas. Halimbawa, mayroong mga espesyal na batas na pumoprotekta sa impormasyon tungkol sa status ng HIV/AIDS, sa paggagamot sa kalusugang pangkaisipan, sa mga kapansanan sa paggulang, at sa mga pangangalaga para sa labis na pag-inom ng alkohol/paggamit ng droga. Susundin ng CCS ang ganitong mga batas.

PUNAHIN

KAPAG ANG BATA AY ISANG PASYENTENG SAKLAW NG MEDI-CAL, MAAARING HINDI PAHINTULUTAN NG BATAS ANG PAGBUBUNYAG NG ILAN SA MGA IMPORMASYONG NAKALISTA SA ITAAS. AYON SA MGA TUNTUNIN NG MEDI-CAL, ANG IMPORMASYON AY MAAARI LAMANG MAGAMIT O MAIBUNYAG PARA SA MGA DAHILANG NAUUGNAY SA PAMAMAHALA NG PROGRAMA NG MEDI-CAL.

KAPAG KAILANGAN ANG NAKASULAT NA PAHINTULOT

Ang CCS ay kailangang may nakasulat na pahintulot mula sa magulang o sa tagapag-alaga ng bata, o mula sa mga menor-de-edad na nagsasarili na sa buhay bago ibunyag ang pagiging karapat-dapat para sa CCS at ang impormasyong pangkalusugang hindi tinatalakay sa patalastas na ito. Kapag magbigay kayo sa CCS ng nakasulat na pahintulot upang gamitin o ibunyag ang inyong impormasyon o ang impormasyon ng inyong bata para sa ibang dahilan, maaari ninyong iurong ito sa pamamagitan ng kasulatan sa anumang oras.

ANG INYONG MGA KARAPATAN SA KALIHIMAN

Ayon sa batas kayo ay may karapatang:

- Makita at makakuha ng kopya ng personal na medikal na impormasyon ng batang nasa CCS.
- Baguhin ang personal na medikal na impormasyon ng bata kung naniniwala kayong mali ito o may kulang na impormasyon, at sumang-ayon ang CCS. Kapag hindi sumang-ayon ang CCS, maaari ninyong ipadagdag sa personal na medikal file ng bata ang isang sulat na nagpapahayag kung bakit hindi kayo sang-ayon.
- Kumuha ng listahan ng mga taong tumatanggap ng personal na medikal na impormasyon ng bata mula sa CCS. Hindi ipakikita sa listahang ito ang mga panahong ibinigay ang personal na medikal na impormasyon ng bata sa magulang o sa tagapag-alaga ng bata, o sa mga batang nagsasarili na sa buhay o ang panahong ibinunyag ito para sa paggagamot, para sa pagbabayad o para sa pamamahala ng pangangalangang pangkalusugan.
- Humiling sa CCS na kontakin kayo sa ibang paraan o sa ibang lugar, tulad ng pagpapadala ng impormasyon sa inyo sa isang Post Office Box imbes na sa address ng inyong tirahan.
- Humiling sa CCS na takda ang paraan sa paggamit at sa pagbunyag sa personal na medikal na impormasyon ng bata. Gayon pa man, maaaring hindi masang-ayunan ng CCS ang inyong kahilingan.
- Makakuha ng kopya nitong Patalastas Tungkol sa Mga Patakaran sa Kalihiman na nilimbag sa papel. Ang Patalastas na ito ay maaari ring makuha sa Website ng CCS sa: WWW.DHCS.CA.GOV/SERVICES/CCS.